

tinipon namin sa sumusunod na pananalita, na walang ano mang tagláy na pagmamalakí dahil sa dunong, at itinala namin sa mġa sabinġ karaniwan at madaling maunawa at magaanġ mapagabot nġ lahat nġ pag-iisip, na sa mġa iná nahahandóg, ang mġa pagsasalaysay na bunġa nġ aming mġa pag-aaral at nġ mġa pinagdanasan namin sa pagganap nġ aming katungkulang pagkamanzagamot sa lupainġ itó, at ang inaad hika'y maiwasan iyang kalagimlagim na pagkakamatay nġ mġa sangól.

PAGLILINIS AT PAGGAMOT SA LUBID NG PÚSOD.

Kinakailanġang totoo ang mġa tanġing pagiinġat tungkol sa paglilinis nġ bagong anak na bata at paggamot sa lúbid nġ púsod, upang mapanġilagan ang mġa sakít sa balát, na dito'y lubhang madalás mangyari, at gayon din ang mġa katakot-takot na mġa pagkabulok na ang pinagkakadahilana'y ang kapabayaang at kakulanġan nġ kalinisan sa paggamot nġ lúbid nġ pusod.

Kapagkarakang ipanġanak ang bata, dapat na balutin agad sa isang makapal na toalla, at nġ huwag mangyari ang bigláng pagbabago nġ init na dating kinabihasaan sa loob nġ tiyán nġ iná, at saka ang maramdaman sa maliwanag na bagong linabasan, sapagka't lubhang maramdamin ang mġa sangol sa ganitong mġa pagbabago.

Pagka humihina na ó tumitigil na ang tibók nġ lubid nġ púsod, ay gagawin ang pagtatali nġ lúbid nġ púsod na ito. Ginagamit sa ganitong bagay ang isáng písing sinulid ó sutla na totoong malinis ó pinakuluan kaya muna. Tinatalán ang lúbid nġ púsod sa lugar na ang layo sa balát nġ tiyán ay tatlong dali, dapat higpitáng magaling at dalawahíng bilibid ang tali, upang mailaganġ dumugo sa mġa haharaping araw. Pagka may tali na ay puputulin ang lúbid nġ púsod, na isang centímetro ang palabis sa ibabaw nġ pinagtalian, at ang ipuputol ay gunting na pinakuluan muna sa tubig ó pinaraandaan sa ninġas, at nġ maalis ang lahat nġ dumí at mapatáy ang lahat nġ panggagalingán nġ mġa ikahahawa, na siyang mangyayaring pagkadahilanan nġ pagkabulok nġ púsod.

(Itutulong.)



# Noli Me Légere

—o—

## II

### !Sulong sa Kabayanihan!

(Karugtong.)

Di nalaon at dumating ang mġa magsasakdal sa tanggapan nġ hukom, nġuni't sa kasamaang palad ang hukom na kanilang sinadya ay wala noon sa loob nġ bayan; may nagsabing siya'y napa sa Maynila at di maalaman kung kaylan babalik.

Inaharap ang sakdal sa pangalawang hukom, dapwa't ito'y tumangging lumitis sa usapin sapagka't siya'y kamaganak nġ nag sasakdal na si Julio.

Ayon sa kautusan, ang presidente municipal nġ isang bayan ay siyang makakahalili nġ hukom at pangalawang hukom kapag ang mġa ito'y walang kaya ó karapatang lumitis sa isang paglilitis na "criminal". Sapagka nġa't ito ang ipinaguutos, ang mġa magsasakdal noon di'y nagsitunġo sa *Presidencia* upang dumulog sa harap nġ presidente. Nguni't talaga yatang sila'y sinasamá. Ang presidente ay wala rin doon. Hindi pa dumarating. Ang oras na iyon ay hindi pa oras nġ pagdating ni Mahabang-Kamay sa kanyang tanggapan. Iyon ay oras lamang nġ kanyang pagbanġon, nġ paghiwalay sa mapanghalina niyang hiġaan, nġ pagpapaalam sa isang kinawilihang pangarap....

Si Mahabang-Kamay ay di nararapat bumangon nġ maaga; hindi ito nababagay sa kanya. Siya'y isang maginoo, isang presidente, isang punong-bayan na sumasahod buan buan nġ walongpung pisong matunog. Bumangong maaga ay nababagay lamang sa mġa mahihirap, sa mġa magsasaká, sa kanyang mġa kasamá, alila at mġa hindi maginoong gaya niya.

Tinutugtog ang ika 10 oras nġ si Mahabang-Kamay ay magbanġon noong umagang iyon. Ang mġa hikáb niyang sunodsunod ay nagpapakilalang di pa nasisiyahan sa tulog. At muli sanang mahahandusay ang mahal nating ginoo, danġan at nagitlá sa inġay nġ maraming tao na noo'y naghuhugusan sa tapat nġ kanyang bahay. Ang mġa taong ito'y siyang kasunodsunod nina Bayani mula nġ iwan nila ang tindahan ni

Julio; ibig sana nilang mapanood ang paglilitis, dapwa't nabuktot na lahat sa pag-iintay sa presidente, kaya't n'ayo'y nangag-uuwian na. Salamat sa ingay nila at nabugabog ang masipag na pinuno ng bayan; sa wakas ay natuluyan ding mamulat ang mga namumugtong mga mata na animo'y nagsasabing "Kami ay busog na busog!"

Pagkakain ng imusalan, ang mahal nating presidente ay humilig sa isang sillon; at dito'y sinimulan ang walang lagot na pagpapausok sa isang "Germin'l."

Inintay pa munang mangalahati ang sa gisag na iyon ng isa sa mga masasamang hilig ng tao, bago nagbihis si Mahabang Kamay upang dumaló sa presidencia.

Samantalang siya'y lumalakad, (nagpapasasa sa ganitong kaginhawahan,) ay sikapin nating iguhit kahi't bahagya ang larawan ni Mahabang-Kamay. Siya ay isang lalaking may mataas na tindig, mukhang bilóg na kin babanaagan ng ilang patak ng dugong dilaw, úlong tihaba na pinapalamutihan ng mapuputing buhok, mga matang busóg na animo'y ipinaglihi sa mga mata ni Mutzu-Hito, ilong na hiniram kay San Mateo, bibig na inahawig sa bibig Limahong at tiyang kauri ng tiyang Taft. Kung dito'y idagdag natin ang pagkamahaba ng kanang kamay, ang giliw na bumabasa ay madali ng makikilala kapag natagpuan ang pinunong bayang dito'y tinutukoy.

Tinutugtog ang ikalabingisang oras ng umaga ng siya'y sumapit sa *Presidencia*. Pagpasok na pagpasok ng pinto, ay isang tukso ang kaagad ay sumagupa sa kanya. Sa dakong kaliwa ay may isang malapad na bangko at sa ibabaw ng bangko ay nakatukmol ang isang pulis, na uuga-uga ang ulo at pipikit pikit ang mata. Sa ganitong anyo na bilang pasalubog sa kanya ng kawal niyang hi ihila ni Antok, ang maki sig na puno ay bigla g siniglan ng pangungupinyo. Ano ba't ang buisit na iyon eh, tila ginagagad ang anyo niya kauina nang siya'y bago laang kagigising?

Dahandahang lumapit ang nagnngitngit, sinunggabang bigla ang ulo ng tukso at walang sabi-sabi'y niluglog ito nang katakot-takot.

—“Ah, salbahe! demonyo! di nahuli rin kita! . . . Iyan, (suntok) iyan, (sipa) at iyan (dagok) ang bagay sa iyo, tamad! walang

hiya! hayop! Kung kaya ka bá binabayaran ng sampung piso buwan-buwan ay para magtulog ka rito? Walang hiya!”

Gitlang gitla ang pinupog ni Mahabang-Kamay. Sa kagulatan ay nakalundag tuloy, sa di oras, ng limang dipa.

Samantalang nagbububusa ang bibig ng pinuno, ang iba namang mga pulis ay paw ng nagpuputlaan at nanginginig, lahat ay nangagtayo ng tuwid na tuwid, walang makahumá kahit isa.

Pagkatapus ng ganitong pagpapakita ng gilasa sa silong, ang mabangis na puno ay dahandahang nanhik na nanglilisik ang mga mata.

Sina Julio at Bayaning inis na iris na sa pag-iintay ay napabuntong hinigsa na lamaug ng maramdamaug siya'y dumadating.

I. A. AMADO.

(Itutuloy.)



## ¡Arriba, juventud!

Apenas se ve disipado de la actual perspectiva del tiempo el triste y luctuoso cuadro del ayer en que el pueblo, ensarbolando la bandera roja, luchó por la reivindicación de sus derechos; apenas haya alboreado la aurora del nuevo sol que diera otra vida a país; la juventud rizalina mostróse llena de vigor, y convencida de la necesidad de la instrucción que crea la grandeza y el bienestar de los pueblos, consideró como uno de los medios para alcanzarla la formación de asociaciones, que hoy día véense organizadas en los diferentes pueblos de esta provincia, constituyendo una Confederación que establece la armonía entre ellas y afianza la estrecha unión de todas para el mejor logro de sus vehementes aspiraciones.

Sonó, pues, la hora en que todos los que se sienten con fuerzas para aportar su grano de arena en la labor que se emprende por el engrandecimiento de la patria, deben de ofrecer algún sacrificio en aras del bien común, contribuyendo todo los que les sea posible para el fomento de la instrucción, base esencial para la regeneración del pueblo filipino.

INSUM.

